## 69

*ni Herbert Montecer*

Muli sumikat ang araw kay Ursula. Isang umaga na muli niyang haharapin kasama ang kaniyang tribo. Ngunit ang araw na ito ay isang masaya na mayroong mahalagang pagpapaalala. Pagpapaalala na simula na ng huling taon niya sa mundong kinabibilangan at malapit na ang oras ng kaniyang paglisan. Simula maging ng isang espesyal na misyon na sa katulad niya ay itinakda.

Lumabas siya ng kaniyang tahanan at malugod naman siyang binati ng mga ka-tribo na Kriban sa kaniyang mahalagang kaarawan. Ang kaniyang ika-animnapu't siyam na kaarawan. Numero na maaring ikatuwa, ikalungkot, o ikatakot ng marami dahil sa nakatakdang misyon sa panahong ikaw ay tumuntong sa edad na ito.

Tumingin siya sa silangang bahagi ng Islang kaniyang tinitirahan at nasilayan ang ganda ng bundok ng Batla na kung saan papasikat ang araw. Dito muli niya naalala ang puno't dulo ng lahat na kung bakit iginuhit ng kapalaran na sila ay mabubuhay lamang ng pitumpung taon.

---

*Taong 1875*

Nagkaroon ng isang malaking pagkalat ng sakit na kung saan kumitil ng daang libong mga katao sa buong mundo. Nagdulot ng matinding krisis sa mundo ang nasabing epidemya maging sa kakulangan ng produksyong ng pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain. Nagkaroon ng panlalamang sa kapwa ang iilan dulot ng sigaw ng gutom na sikmura. Kaugnay nito, hindi naman natigil sa paghahanap ng solusyon ang mga eksperto upang magbigay lunas sa nasabing sakit. Dito sinubukan nila ang iba't ibang uri ng pamamaraan upang lumikha ng gamot ngunit sila ay bigo. Dahil din sa kabiguan, ito ang nag-udyok kay Dr. Samuel, isang *botanist* na ipanukala sa gobyerno ang kanyang natuklasang isang halamang gamot na matatagpuan lamang sa isang malayong isla, ang

Isla Hilawa. Siya ay madalas mag-ikot sa mundo upang palalimin pa ang kaalaman patungkol sa mga halaman at maaring dulot nito sa industriya ng medisina. Sa kanyang pag-iikot, napadpad siya sa Isla Hilawa at dito niya natuklasan ang isang halamang bulaklak na namumunga ng asul na bulaklak at wari'y may balahibong mga sanga. Namumunga ang naturang bulaklak sa tuktok ng pinakamataas na kabundukan ng Isla Hilawa sa silangang bahagi ng Isla, ang Bundok ng Batla. Lubos naman ang galak ni Dr. Samuel sa kanyang bagong natuklasan sa paglalakbay at ito ay kanyang pinag-aralang mabuti.

Sa pagsigaw ng hirap na kinakaharap ng mundo, dito na nausig ng kanyang isipan si Dr. Samuel upang ilantad sa mundo ang kanyang natuklasang bulaklak. Sa pananaliksik na kaniyang ginawa, napag-alaman nya na halos lahat ng uri ng sakit ay kayang gamutin ng naturang bulaklak kaya naman kaniyang naisipan na malaking hakbang para as solusyon ang kanyang kaalamang taglay. Lumapit siya sa mga namumuno ng bansa at doon ipinanukala niya ang kaniyang pag-aaral. Natuwa naman ang marami kasabay ng pagkamangha sa bulaklak. Binigyan siya ng suporta mula sa pamahalaan at ilang pribadong indibidwal upang simulan ang pangagamot sa Isla Hilawa at mas maigi pang pag-aralan ang halaman kasama ng mga eksperto. Sa madaling sabi, pinamunuan niya ang buong pag-aaral sa gamot gamit ang bulaklak at dito ipinangalan sa kanya ang bulaklak na bilang Samuel.

Hindi nagtagal kasama ang buong pwersa ng kanyang grupo ng mga doktor, sila ay nagtungo sa Isla Hilawa at katuwang nila ang mga militar sa ekspedisyon. Iniwan nila ang kani-kanilang mga pamilya maging si Dr. Samuel para sa isang mahalagang misyon. Sila ay malugod na sinalubong ng Tribo Kriba sa isla at lubos na humingi ang mga ito ng tulong upang sila ay pagalingin laban sa epidemya. Dito na rin sila sinalubong ng pinuno ng tribo na si Datu Rima kasama ang kanyang kanang kamay na si Osmal. Ngunit sa panahong iyon, mapapansin na may sakit na ang datu sapagkat makikita ang panghihina ng katawan at pamumula ng buong katawan. Inabisuhan naman ni Dr. Samuel na huwag mag-alala ang datu at ang tribo sapagkat naparoon siya upang ipamahagi ang gamot na kanilang kasalukuyang pinag-aaralan. Dito na nagtanong ang Datu.

**D. Rima:** "Isang bulaklak ang sasagot sa epidemiyang ito? Maari bang makita ang sinasabi mong bulaklak?"

Napahinto si Dr. Samuel sa tinanong ng datu.

**Dr. Samuel:** "Kasalukuyan ito pa ay nasa amin pang pag-aaral at hindi pa maaring ilabas."

**D. Rima:** "Hindi namin kayo pahihintulutan na manggamot sa aking kapwa Kriban kung hindi mo saken ipapakita ang bulaklak."

Dito tinutukan na sila ng mga sulo at espada ng mga kawal ni Datu Rima. Napansin naman ni Osmal na ilan sa mga sundalo ay bubunot na ng baril. Sa pagkakataong ito, hinablot ni Osmal ang isang babaeng doktor at tinutukan ito ng patalim mula sa likod.

**Osmal:** "Subukan niyo gamitan kami ng inyong mga armas at hindi na masisilayan pa ng araw ang dalagang ito!"

**D. Rima:** "Tila isang pagtatraydor yata ang dala niyo sa aming isla at hindi gamot!"

**Dr. Samuel:** "Sandali lamang! Ako ay magpapaliwanag!"

**D. Rima:** "Tumigil ka! Akin na ang bulaklak at sabihin mo papaano ito magiging gamot!"

Sa pagkakataong ito, tinutukan na ng dalawang magkabilang kawal si Dr. Samuel sa leeg at ito ay napaluhod na lamang. Wala naman nagawa ang lahat sapagkat iyon din ang ipinag-utos ni Dr. Samuel na huwag magpakita ng karahasan sa tribo ngunit lumabag ang iilan.

**Dr. Samuel:** "Ito ang bulaklak, kinakailangan ang katas niyang upang magpagaling ng sakit ngunit kailangan pa pag-aralan kung ano ang maaring maging paghahalo base sa kung anong sakit ang lulunasin."

Iniabot ni Dr. Samuel at kinuha naman ito ni Datu Rima.

**D. Rima:** "Hmm, mahusay kung ganoon. Tutulungan kitang madiskubre ang dapat malaman. Sige gawin niyo ang kailangan niyo sa isla at gamutin ang lahat ngunit ang bihag ni Osmal ay mapapasaamin hanggang nandito kayo. Huwag kayo mag-alala, walang mangyayaring masama sa kanya. Siya lamang ay magsisilbing bihag at maaring pumanaw sa oras na may ginawa kayong hindi kanais-nais."

Tumalikod na ang Datu Rima kasama ng mga kawal nito at si Osmal na hawak ang dalagang doktor. Nakahinga na rin ng maluwag si Dr. Samuel na inakalang mamumukaan ng Datu ang nasabing bulaklak. Siya naman ay sinuwerte sapagkat ang paniniwala ng mga Kriban ay sagrado ang tuktok ng Bundok Batla na hindi sila maaring umakyat doon, ngunit pumuslit si Dr. Samuel noong una niyang bisita sa Isla Hiwala kung saan natuklasan ang bulaklak.

Wala nang nagawa ang lahat at sumunod na lamang sa inutos ng Datu. Ang mga doktor ay nag-ayos ng kanilang magagamit na laboratoryo samantala ang mga militar ang naatasan na mag-ayos sa tribo sapagkat nais ng mga nagpondo sa pag-aaral na itago sa mga ito ang importansya ng bulaklak. Samantala ang iba ay naatasang umakyat sa tuktok ng bundok ng palihim upang kumuha ng bulaklak na Samuel.

Lumipas ang ilang araw at natuklasan ni Dr. Samuel ang simpleng pormula sa gamot upang labanan ang naturang epidemya. Kinakailangan lamang nila ng sapat na dami ng tubig katumbas ng dami ng katas ng bulaklak ng Samuel. Inutasan naman ni Dr. Samuel ang lahat na paghiwalayin ang mga pasyente ayon sa edad ng mga ito upang matugunan ang kani-kanilang pangangailangan. Hindi naman nag-atubili pa si Dr. Samuel at isinulat niya sa kanyang kwaderno ang pormula nito.

Isang hapon, sinimulan na ng mga eksperto ang pagawa ng pormula at sinimulan ang pagbibigay sa mga bata papunta sa mga matatanda. Nagtulong-tulong naman ang lahat at ipinapainom ang naimbentong gamot at maging si Dr. Samuel. Ngunit nang magbibigay na sana para sa mga matatanda, ay naubos na ang malinis na tubig. Sa isla ay sadyang mahirap ang malinis na tubig upang gamitin sa nadiskubreng gamot kaya kinakailangan pa ng ilang mga militar na dumaong sa kabilang kabihasnan upang kumuha ng mga tangke ng malilinis na tubig. Ngunit sadyang sinusubukan sila ng pagsubok nang kasalukyan na dumating ang malakas na pag-ulan at ito ang naging dahilan na matatagalan ang pagbalik ng mga sundalo dala ang malinis na tubig.

Habang naghihintay sa pagdating ng mga sundalo, dito nakilala ni Dr. Samuel ang isa sa mga tumutulong sa mga Kriban na pasyente, isang Kriban na dalaga na ang ngalan ay Ursula. Sila ay nagkausap at nabighani sa isa't isa. Nagustuhan ni Dr. Samuel si Ursula dahil sa angking kagandahan at kabaitan nito, at si Ursula naman ay dahil sa angking kisig at talino ni Dr. Samuel kasabay ng pagiging mabuting lider nito.

Gumagabi na at nagdidilim na ang paligid wala pa rin ang mga sundalo. Kasabay naman ng malalakas na kulog at kidlat, ay ang pagbuhos ng malakas na ulan. Niyaya naman ni Ursula ang doktor kung nais niya muna magpahinga sa kaniyang kubo at pumayag naman ito. Nag-iisa lamang sa buhay si Ursula matapos na pumanaw ang mga magulang nito sa nakaraang digmaan. Sa kanyang tahanan kasama si Dr. Samuel ay tahimik. Madilim. Binabalot sila ng init kahit malamig bunsod ng ulan. Dito ay may naganap na isang pagkakamali.

Sa hindi kalayuan, bago tuluyang lumubog ang araw ay nakita naman ni Akmil ang pagpasok ni Dr. Samuel sa tahanan ni Ursula at mababanaag ang ngiti sa mga labi ng dalaga. Dito tila nadurog ang puso ng kababata ni Ursula na si Akmil. Ito ay lumayo at napag-isa.

Sa mga oras na rin iyon, lubhang lumala na ang kalagayan ng Datu Rima at siya ay sinabihan na maghintay lamang dahil ginagawa pa ang gamot at dahil sa bagyo hindi makakuha ng malinis na tubig na kinakailangan sa pormula ng gamot. Dito nagalit ang Datu Rima na kahit siya ay namumula at nanghihina pilit na sumigaw habang nakahiga.

**D. Rima:** “Sino ba ako para paghintayin niyo ng ganito?! Mga hangal! Nais niyo na ba ako mawala at mapalitan gayong wala na ang aking pamilya dahil sa epidemya!”

**Osmal:** “Datu Rima, paumanhin ngunit hindi ganoon ang nais ipabatid ng ating kawal, dinala niya ang mensahe mula sa mga doktor na gumagawa ng gamot.”

Lalong nagalit ang Datu.

**D. Rima:** “Hindi ako nagkakamali, may masama nga silang balak at nais nila ako ipabagsak. Akala nila magwawagi sila sa kanilang mga plano!”

Kinuha ni Datu Rima ang bulaklak ng Samuel na binigay sa kaniya ni Dr. Samuel sa kanilang pagdaong. Ipinapiga niya ito kay Osmal at ito ay kanyang ininom ng diretso. Dito nakatulog ang Datu at sa pag-aakala ng lahat na tumalab ang gamot. Nagulat ang lahat at tumakbo naman si Osmal kay Dr. Samuel at ikinuwento ang nangyari. Sa pagkakataong iyon ay nakabalik na si Dr. Samuel at Ursula sa lugar ng mga pasyente.

Nagmadali pumunta si Dr. Samuel sa natutulog na Datu at maging siya ay nagulat sa hindi inaakalang bisa ng katas ng bulaklak kaya naman naisipan niya ang mga naghihingalong matatanda na malapit nang mamatay. Ipinag-utos niya na ipainom ang mga katas ng bulaklak sa mga matatanda dahil sapagkat ang mga magulang hanggang sa mga bata lamang ang nabigyan ng tamang pormula ng gamot at sila ay nagbakasakali sa mabuting nangyari sa Datu.

Kinabukasan, dumating na ang mga sundalo ngunit tila hindi na kinakailangan pa ang mga dala nilang malilinis na tubig sapagkat ang halos lahat ng pasyente ay gumaling na at ang buong tribo ay uminom din ng katas ng bulaklak sa kanilang pag-iisip na marahil isa itong milagrosong bulaklak na proteksyon sa mga sakit. Pinakawalan na rin ni Osmal ang bihag na dalagang doktor. Nagdiwang naman ang lahat, ngunit sila ay nagkamali. Wala naman nang nagawa ang mga eksperto dahil huli na nang kanilang

malaman na ninanakaw ng ilang mga kawal ng Tribo Kriban ang ilan sa mga bulaklak na kanilang pinitas at ito ay piniga't ininom matapos ay ibinahagi sa lahat.

Makalipas ang tatlong araw, isang umaga ay nagliligpit na ng gamit ang mga eksperto samantala nauna na umalis ang iilan maging ang mga sundalo upang tugunan ang pangangailangan pa sa ibang lugar at upang ipaalam sa buong mundo ang kanilang napag-aralan. Isinulat naman muli ni Dr. Samuel sa kaniyang kwaderno ang mga nangyari bago tuluyang umalis nang biglang ...

**Doktor:** "Dr. Samuel! May kailangan kang makita!"

Tumakbo papalabas si Dr. Samuel at nag-ikot at nang makita ang mga nagkakamatayang mga matatanda sa tribo sa Nayon. Nabalot ng luha at pighati ang Isla Hiwala. Siya ay nanginig at hindi makapaniwala sa mga nakikita. Sinisisi siya ng mga Kriban sa nangyari.

Sa kaharian naman ay siya namang binawian ng buhay maging ang Datu Rima at mga matatandang ninuno. Dahil dito, nawala ang tiwala ni Osmal sa mga papaalis na sanang eksperto. Nagalit ito at pumunta sa kuta ni Dr. Samuel upang siya ay komprontahin ngunit wala si Dr. Samuel dahil ito ay pumunta na sa Nayon. Nakita naman niya ang kwaderno nito na nakabukas na tila naiwan sa pagsusulat. Kinuha ni Osmal iyon at binasa. Dito niya nalaman ang lahat. Lahat patungkol sa pinaggalingan ng bulaklak na Samuel. Nabasa niya na gagamitin ito sa buong mundo at malaking halaga ang ilalaan ng iba't ibang bansa para sa naturang halaman. Halaman na nabubuhay lamang at tumutubo sa kanilang isla.

Dala ng pagiging tapat sa Datu at sa Isla, siya ay lubos na nagalit at naramdaman niya ang isang pagtataksil at kasinungalingan. Hindi na natapos pa basahin ang huling bahagi ng kwaderno at ito ay kaniyang itinago sa kaniyang damit at lumabas.

Tinawag niya ang mga kawal at hinanap ang pinaroroonan ni Dr. Samuel at natagpuan nila ito sa gitnang bahagi ng Nayon katabi si Ursula. Pilit ipinagtatanggol ni Ursula si Dr. Samuel sa lahat ngunit sarado ang isip ng mga Kriban dala ng pagpanaw ng kanilang mga minamahal sa buhay. Dumating na rin si Osmal kaharap ang lahat sa tribo.

**Osmal:** "Nais ko ipaalam sa lahat na ang Datu Rima at ating mga ninuno ay pumanaw na!"

Lalong nagpighati ang lahat. Samantala tinutukan ng espada ni Osmal si Dr. Samuel na humarang naman si Ursula.

**Osmal:** “Umalis ka diyan Ursula, hindi mo ba alam na ang nais lamang nila sa atin ay ang bulaklak. Ang bulaklak na ipinagamot sa atin ay sadyang sa ating isla lamang matatagpuan at nais ng mga dayuhang ito na tayo ay pagnakawan! Sa ganoong paraan, kikitilin nila ang buhay ng mga namumuno ng isla nang sa ganoon ay malaya sila na tayo ay pagharian!”

Mas lalong nagalit ang Tribo Kriban.

**Ursula:** “Hindi totoo ‘yan!”

**Dr. Samuel:** “Hayaan niyo ako magpaliwanag. Totoo na ang pakay namin ay ang bulaklak sa inyong isla pero malinis naman ang aming intensyon na kayo ay pagalingin. Marahil dahil ito ay kailangan pa ng mas masusing pag-aaral. Osmal bigyan mo pa kami ng mga kasama kong natitira dito ng isa pang pagkakataon.”

**Osmal:** “Isa kang hangal! Buhay ang kinuha, buhay din ang kapalit!”

Pinaslang nila si Dr. Samuel at mga natitirang kasama nito at ipinag-utos ni Osmal na sunugin ang mga bankay nito sa dalampasigan. Nagtataka naman ang lahat kung bakit ganoon ang pighati ni Ursula sa doktor. Sa kabutihang palad, may isa sa kanilang kasamahan ang nakatakas nang masaksihan ang buong nangyari. Huli na nang makita ng mga kawal ng Kriban sapagkat malayo na ang narating nito sa dagat.

Dahil sa natitirang pinuno na lamang si Osmal sa Isla Hiwala, siya na lamang ang inaasahan ng mga katribo. Ipinag-utos niya sa mga kawal na palibutan ang buong isla at huwag magdalawang isip na pumaslang kapag may dayuhang paparating.

Tinipon niya rin ang buong Tribo Kriba at nagpahayag ng sanaysay at ilang pag-uutos.

**Osmal:** “Aking mahal na mga kapwa Kriban, tayo ay nadala sa mga pag-asang dala ng dayuhan ngunit kapahamakan ang sukli.”

Sa panimula, tahimik ang buong tribo na nakikinig sa kanya na may galit at pighati sa damdamin. Ipinakita naman niya kasabay nito ang kwaderno ni Dr. Samuel sa lahat.

**Osmal:** “Ito ang kwaderno ng mga dayuhang humamak sa ating tribo. Dito nakasulat lahat ng kanilang kasamaan laban sa atin!”

Idinikit naman ni Osmal ang kwaderno sa nag-aapoy na sulo at ito ay sinunog. Habang nasusunog siya ay naglahad at ang lahat ay nabigla.

**Osmal:** “Kilala niyo ako bilang isang tapat sa ating tribo, sa Datu, at lalong lalo na sa Isla Hiwala. Mahal ko kung sino ako at ano ako at walang sino man ang dapat humamak sa

atin. Ipaglalaban ko hanggang sa huling hininga ang pagmamahal sa Isla. Nais kong ipabatid sa inyo ang mga nilalaman ng kwadernong iyan. Nakasulat diyan ang katotohanan. Katotohanan na ang bulaklak ay tumutubo lamang sa tuktok ng ating Bundok Batla at ang nais ng kabihasnan sa atin ay kunin ito! Base sa kanilang pag-aaral, ang katas ng bulaklak ng Batla ay isang proteksyon sa anumang uri ng sakit ngunit, ang iyong buhay ay hanggang pitompu lamang."

Lalong nagulat at nagbulung-bulungan ang lahat dala ng kanilang inosenteng pag-iisip. Samantala, si Ursula ay lubhang nasa malayo ang tingin dahil sa nangyari kay Dr. Samuel.

**Osmal:** "Tama ang inyong narinig. Kaya ang mga ninuno natin ay lubhang namaalam na sa atin, ngunit kayong mga mapapalad habang nabubuhay ay hindi na magkakasakit dahil sa pag-inom ng katas ng bulaklak mula sa Batla. Sadyang paghahanda sa panahon ng ika-69 na inyong edad. Dito masusubok ang inyong sarili bilang isang Kriban. Ang mga susunod na henerasyon na magmumula sa inyong sinapupunan ay inyo na ring pagmamanahan ng ganitong taglay. Ngunit! Maari pa ring mapaaga ang inyong pagpanaw kung dahil sa aksidente o sinadyang pagpaslang sainyo ng kapwa. Kaya kung sino man ang mga nagkasala ay kayo na ang humusga kung dapat parusahan sapagkat wala na ang ating mga ninuno."

**Kriban:** "Sa paanong paraan Ninunong Osmal? Nariyan ka pa para sa amin."

**Osmal:** "Nagkakamali ka. Ako ngayon ay animnapu't siyam na at may ilang buwan na lamang at ako ay lilisan na rin. Kaya naisipan ko na pumunta sa tuktok ng Bundok Batla at doon hintayin ang huling sandali ng aking buhay at upang ipaghanda ang aking kamatayan para sa Isla Hiwala at Bulaklak ng Batla. Kaya kung sino man ang mga magkasala ay iakyat din sa tuktok ng bundok. Igapos ito at iwan doon ng mabilis. Dahil ang mahiwagang bulaklak ng Batla ang siyang maghuhusga. Sadya na ito ay makapangyarihan tulad na naisulat sa kwaderno ngunit lubhang mapanganib kaya huwag sino man ang aakyat doon ng walang pakay."

Muli nagbigay ng agam-agam sa tribo ang mga katagang nagmula kay Osmal at lumakas ang bulungan.

**Kriban:** "Sa papaanong paraan naman namin mapaghahandaan ang aming kamatayan?"

**Osmal:** "Makinig. Ang naayon sa nakasulat sa kwaderno ay kailangan mag-alay sa bulaklak ng Batla sa tuktok ng bundok bilang kabayaran sa pagpapangahas dito. Sa sandali ng inyong kaarawan na ika-69, pumutol kayo ng isang puno at kunin ang pinakamalaking dahon nito. Dito idikit niyo ang mga hibla ng buhok ng inyong kapamilya at kababayan. Gawin ninyo ito sa huling taon ng inyong buahy. Kung ito ay inyong ginawa, kayo ay ihahatid ng mga bulaklak ng Batla kay Bathala ngunit kung hindi, at kayo ay nagsinungaling sa inyong mga gawa-gawang hibla at dahon mula sa pinutol na puno, kayo ay ihahatid sa impyerno ng mga bulaklak."

**Kriban:** "Ngunit aming ninuno! Paano ang Datu at ating mga ninuno sa kung gayon hindi naman nila alam ang kanilang dapat ginawa bago pumanaw?"

**Osmal:** "Sila ay idinala na sa langit, sapagkat hindi kasalanan ang maging mangmang. Ngayon, kasalanan na ang pumikit kung ang iyong mga mata ay namulat na. Sa huling araw ng inyong edad bilang 69, sa paglubog ng araw ay umakyat kayo sa tuktok ng bundok at huwag niyo hayaan na abutan kayo ng ika-70 kaarawan na wala pa sa tuktok ng bundok upang ialay ang mga nararapat. Ako ngayon ay mamaalam na aking mga katribong Kriban. Ako ang magiging panimulang alay sa bagong normal na buhay dito sa Isla Hiwala. Tandaan, mahalin niyo ang isla at isa't isa kahit kapalit pa ang inyong buhay."

Lumakad na si Osmal papaalis ng kanilang Nayon at nagsimula na ang pag-akyat sa Bundok Batla. Habang papalayong paalis, nagpipighati naman ang mga katribo nito na tila nararamdaman ang pagkaulila sa mga ninuno.

Ilang buwan na rin ang nakakalipas mula ng malaking pagsubok na dinanas ng Isla, dito napansin ng mga Kriban ang paglobo ng sinapupunan ni Ursula. Sila lahat ay nagtaka sa pagkakataong ito sapagkat mag-isa lamang sa buhay ang dalaga at wala itong kasintahan. Ang kanilang tribo ay may prinsipiyo at paniniwala na ang pakikiapid ay sadyang ibinabawal ni Bathala. Siya ay dinala sa isang paglilitis sa gitna ng kanilang nayon upang husgahan kung siya ba ay nagkasala at dapat dalhin sa tuktok ng Bundok ng Batla.

Si Ursula ay nakaupo sa gitna ng mga Kriban habang lugmok sa putikan. Ito ay umiiyak na tila isang bata na naghahangad ng kaligayahan. Pilit na tinatanong ng mga nakakatanda ang dalaga kung sino ang ama ng kaniyang sinapupunan ngunit hindit ito makasagot dala ng takot na itinanim sa Kriban na ang mga dayuhan ay masasama. Takot na maaring hamakin at paslangin maging ang kaniyang magiging anak. Naging sarado

ang isipan ng bawat isa sa sitwasyon ni Ursula at siya ay kanilang nais na bigyang pagpaparusa mula sa bulaklak ng Batla.

Sa kabutihang palad, dumating si Akmil na hinihingal at hinabol ang pagpigil sa paggapos kay Ursula. Nagulat ang lahat sa pagpigil ni Akmil upang tulungan ang kaawa-awang si Ursula. Sinabi niya rin sa buong tribo ng Kriban na sa kaniya ang batang nasa sinapupunan ni Ursula at kaniya itong paninindigan kahit alam niya na ang punla ay mula sa dayuhang si Dr. Samuel. Inusig naman siya ng lahat na mukhang wala naman silang relasyon nito at hindi sila nakikitang madalas na magkasama. Dala ng katalinuhang taglay ni Akmil, naipaliwanag naman niya ito nang maayos at napaniwala ang mga Kriban at hindi nagtagal, nagsama na silang dalawa. Naging mapagpasalamat naman si Ursula sa ginawa ni Akmil, ngunit, labag ito sa kalooban ni Ursula sapagkat kaibigan lamang ang turing niya kay Akmil. Naging mapait ang pagsasama ng dalawa habang itinatago sa lahat ang katotohanan.

Makalipas ang ilang taon, naging maganda at malusog ang naging anak ni Ursula at ang kanya namang anak ay nagkaroon maging ng sariling pamilya. Sa kasamaang palad, ang kaniyang anak kasama ang asawa nito ay pinaslang ng kanilang katribo sa kadahilanang hindi pagkakaunawaan sa paghahati ng lupain. Ang nakapaslang ay iginapos at dinala sa tuktok ng Batla alinsunod sa utos ni Osmal upang doon ay litisin. Naiwan naman kay Ursula ang kaniyang apo. Ang batang naiwan ng kaniyang anak. Ang ngalan ng bata ay Aiyana.

Makalipas ang isang dekada, si Aiyana ay nagdalaga na at naging isang lubos na masayahing Kriban. Isa siyang palakaibigan sa kanilang tribo at tila lahat ay nakakakilala sa kanya. Mahilig din siyang umawit ng sari-saring mga musika habang siya ay naglalakbay patungo sa kaniyang sikretong lugar. Ang lugar na kung saan tanging dalampasigan ng Isla Hiwala ang hindi nababantayan ng mga kawal sapagkat sila ay kampante na wala nang makakarating doon dala ng malalakas na hampas ng mga alon. Si Aiyana ay may tinataguan na isang maliit na kweba na nakaharap sa karagatan na sa kaniya ay nagbibigay ng giliw at saya kasama ang pagtataka. Hindi niya lubos maisip ang saya na ibinibigay ng kaniyang mga nakikitang mga alon ng dagat at pagtataka naman kung bakit ayaw ng kanilang tribo na makipagusap sa kabihasnan sa kadahilanang itinanim sa kanila na masasama ito? At nais lamang kunin sa kanila ang yaman ng isla?

Pagtataka kung ano ang nasa kabilang dako ng isla at ano ang mga naroon at dito sumidhi ang kaniyang adhikain nais patunayan ang mga naturang paratang.

Isang umaga, naglalakad si Aiyana sa dalampasigan na nahahampas ng malalakas na alon. Siya ay bahagyang basa ng tubig dagat ngunit ito naman ay labis na sa kaniya ay nagpapasiya. Maya-maya pa ay may natanaw siya na tila isang tao na kakaiba ang kasuotan na walang malay na nakahiga sa dalampasigan. Ito ay inanod ng malalakas na alon. Sa gulat at pagtataka, pinuntahan nito ni Aiyana upang usigin. Dinala niya ito sa lihim niyang kweba at doon ay tinignan kung buhay pa ang binata. Sinubukan niya ang turo sa kaniya ng mga nakakatanda kapag nalulunod. Kumuha siya ng mahabang tela na nakatago sa kaniyang kweba. Inilagay sa likod ng binata at ipinulupot ito sa kaniyang katawan na tila tinatali. Tinali ang kabilang dulo sa isang bato samantala hawak niya ang kabilang dulo. Hinila niya ang tela patungo sa kaniya na tila pinipiga ang dibdib ng binata. Ilang ulit niya iyong isinagawa nang nagkaroon ng malay ang binata. Nagising ito at nagulat sa kaniyang sitwasyon. Ito ay biglang napatayo ngunit dahil sa maliit ang kweba ni Aiyana, siya ay nauntog at napaupo habang nahihilo.

**Binata:** "Sino ka at nasaan ako?"

**Aiyana:** "Ah, nakita kita na walang malay sa dalampasigan kaya dinala kita dito sa aking munting kweba upang tignan kung buhay ka pa at kita naman, nakatayo ka pa!"

Samantala, dito nagbalik sa alaala ng binata ang lahat ng nangyari. Napag-aralan nila ang isla nang mabuti sa malayong lugar at nakita nila ang pangpang na kung saan natagpuan ang binata ay walang kawal kaya ang kaniyang grupo ay nagtangkang tumuloy dito ngunit sila ay nabigo. Lumubog ang sinasakyan nilang bangka at siya lamang ang nakaligtas.

**Aiyana:** "Ikaw ba ay galing sa kabihasnan? Iba ang iyong kasuotan at itsura. Paano ka nakarating dito? Gusto ko rin magpunta sa inyong lugar! Ako si Aiyana!"

Sumagot naman ang binata at dito niya napansin ang pagkainosente ng dalaga.

**Binata:** "Salamat sa pagligtas sa akin. Ako si ..."

Sa pagsagot ng binata ay isang malakas na alon ang umabot sa kanila kasabay na narinig ang mga sigaw ng dalawang kaibigan ni Aiyana. Sila ay kapwa ngayong basa sa loob ng kweba.

**Kaibigan:** "Aiyana, alam namin narito ka! Halika na at kailangan ka na ng iyong Inang Ursula sa kanyang kaarawan!"

Narinig ito ni Aiyana at naalala na ito na pala ang huling araw ng kanyang Inang Ursula sapagkat kinabukasan ang ika-70 kaarawan nito. Dali-dali siyang umalis at nagpaalam sa binata.

**Aiyana:** "Aalis lang ako at muling babalik. Pakiusap, huwag kang aalis dito. Ligtas ka dito. Kapag nakita ka ng mga kawal tiyak na papaslangin ka nila."

Umalis na si Aiyana at ang binata ay nagpahinga sa munting kweba ni Aiyana.

Samantala, sa tahanan ni Ursula ay may isang malaking salu-salo na tila imbitado ang buong tribo. Isang handaan para sa kaniyang ika-70 na kaarawan bago siya tuluyang mamaalam. Ganoon pa man, ramdam ang kalungkutan ng lahat na mababanaag sa kanilang mga mukha.

**Ursula:** "Maraming salamat sa lahat ng pagpunta niyo. Punasan niyo ang mga luha ninyo sapagkat hindi ito ang huli nating pagkikita. Tatawid lang ako sa kabilang buhay at doon tayo magsasalu-salo nang masaya."

Mababatid na kahit na matanda na si Ursula ay malakas pa ito marahil dahil sa ininom na bulaklak ng batla. Sa mga oras na rin iyon, wala na si Akmil, sapagkat siya ay umalis sa isla at nagpalunod sa gitnang dagat. Ang alam ng kanilang tribo maging ni Ursula ay ito ay bigla na lamang nawala na parang bula.

**Ursula:** "Salamat maging sa mga kapwa ko Kriban na nakasamaan ko ng loob at ako ay inyong pinahintulutang kuhaan ng hibla ng inyong buhok. Patawad muli kung ako man ay lubos na nagkasala sa inyo. Salamat din sa ating mga nakakatandang Kriban na tumulong sa akin na magputol ng puno na kakailanganin kong patunay sa pag-akyat sa Batla. Magkikita rin tayong muli."

Sinuklian naman siya ng lahat ng katahimikan habang luha ay patuloy na umaagos mula sa kanilang mga mata. Sila ay nagsalu-salo nang tahimik. Hindi naman nagtagal, tumayo si Ursula at nagpabatid na siya ay magtutungo pa sa timog na bahagi ng isla upang kuhain ang hibla ng buhok ng isa pa niyang nakaalitan upang pagpapatawad ay lubos na matanggap. Sinubukan naman siyang harangin ng mga katribo sapagkat delikado na at marahil sapat na ang mga nakolekta niyang mga hibla ng buhok ngunit tumanggi ito sapagkat nais niyang malinisan nang mabuti ang bakas ng buhay lupa niya bago siya lumisan. Pinilit niya rin sa tribo na huwag siyang samahan. Sa madaling sabi, siya ay nagtungo na pagkatapos ng pananghalian.

**Aiyana:** "Inang Ursula! Ikaw ay mag-ingat!"

**Ursula:** “Makakaasa ka Aiyana.”

Tuluyan nang umalis si Ursula at si Aiyana naman ay muling naalala ang binata sa dalampasigan. Pasikreto itong umalis sa salu-salo at nagtungo muli sa sikreto niyang kweba. Doon namataan niya ang binata na nakahubad at ito ay nakasalawal lamang. Napapikit at napasigaw si Aiyana sa nakita. Natawa naman ang binata sa nangyari.

**Binata:** “Ganyan ka ba ka inosente? Haha!”

**Aiyana:** “Magbihis ka nga!”

**Binata:** “Sige na, gagawin ko na.”

Nagbihis ang binata at sila ay umupo’t nag-usap.

**Binata:** “Kamusta birthday ng nanay mo?”

**Aiyana:** “’Berdey’? Ha? At wala na akong nanay.”

**Binata:** “Birthday, kaarawan, hindi mo ba alam un? Sa bagay, isolated area ito.”

**Aiyana:** “Ano’ng sabi mo?”

**Binata:** “Hindi, sabi ko lang kaya di mo ako maintindihan dahil ‘yung isla niyo talaga ay sarado kaya marami kayong hindi nalalaman maging simpleng salita.”

May konting pagkainis kung paano ito tinanggap ni Aiyana kaya siya muli ay nagtanong.

**Aiyana:** “Ano bang pakay mo dito? O may masama kang balak?”

**Binata:** “’Yan na naman kayo. Wala ako masamang balak. Naparito ako dahil sa isang importanteng misyon.”

**Aiyana:** “Anong misyon naman?”

Nagmasid ang binata sa paligid kung may nakakita sa kanila ngunit isiniguro ni Aiyana na walang tao sa kanilang paligid.

**Binata:** “Alam mo ba ang bulaklak na Samuel?”

**Aiyana:** “Ha? Hindi ko alam ang iyong sinasabi.”

**Binata:** “Ganito na lang, alam mo ba ung isang bulaklak na nakakagamot ng lahat ng sakit na dito lang sa isla niyo matatagpuan?”

Dito nagpanting na ang pandinig ni Aiyana at tila naalala ang mga bilin ng mga nakakatanda sa kaniya. Kinuha niya ang isang patalim na nakaipit sa kaniyang tagiliran, tumayo, at itinutok ito sa binata.

**Aiyana:** “Isa kang hangal! Anong pakay mo? Nais mo kaming pagsamantalahan!”

**Binata:** “Mali ang iyong iniisip dalaga! Aiyana pala? Narito ako upang humingi ng tulong hindi ng gulo. Kailangan ng mundo ang tulong niyong mga Kriban. Tama, ‘di ba isa kayong Kriban?”

**Aiyana:** “Anong tulong ang iyong nais?”

**Binata:** “Ganito ang nangyari, alam naming lahat o ng buong mundo na isinara ninyo itong Isla Hiwala para sa amin dahil sa maling akala. Maling akala na kayo ay pagsasamantalahan dahil sa bulaklak na Samuel. Iyong bulaklak na kailangan namin ngayon o ng mundo dahil sa epidemiyang kumakalat muli sa mundo. Kayo o ‘yung bulaklak na lamang ang maaring sagot sa epidemiyang kumakalat kaya ako naparito. Aiyana kailangan ko ng tulong mo upang makakuha n’un.”

**Aiyana:** “Nasaan ang mga kasama mo?”

**Binata:** “Sa totoo niyan, marami kami nagtangka na hamunin ang malalakas na alon ng dagat dito ngunit wala. Hindi kinaya at tila sinwerte ako na nakaligtas. Marahil may dahilan ito kaya kahit buhay ko man ang kapalit, itutuloy ko itong misyon na to para sa mundo, sa mga umaasang may paggaling. Nandito naman na ako, at para sa aking lolo na pumanaw dito sa isla niyo.”

**Aiyana:** “Lolo? Sino iyon?”

**Binata:** “Siya noon ang nagsimula ng pag-aaral sa naturang bulaklak na makikita dito sa inyo at sa kaniya din ito ipinangalan. Siya si Dr. Samuel ngunit dahil hindi siya napagbigyan makapagpaliwanag, siya ay pinaslang kasama ang mga natira niyang kasama dito.

Dito naalala ni Aiyana ang pangalan na dating narinig niya sa kanyang Inang si Ursula nang magtalo minsan sila ng kanyang Tatang Akmil bago pa ito tuluyang mawala.

**Binata:** “Pero mabuti may ilang mga bulaklak ng Samuel na nakuha at napag-aralan. Totoo nga na mahiwaga ang bulaklak ng Samuel, nakakagaling ng ano mang uri ng sakit kung gagawin lamang ang tamang pormyula dito. Ngunit kung inabuso, tiyak maaring kamatayan ang kapalit.”

**Aiyana:** “Ako ay naguguluhan. Sakit? Anong tamang “pormyula”? Hindi ba iinumin lamang ang katas ng bulaklak ng Batla at ikaw ay hindi na magkakasakit ngunit magtatagal lamang ang iyong buhay hanggang sa ika-70 na iyong kaarawan?”

**Binata:** “Ha? Haha! Sino naman nagsabi niyan? At ano kamo? Batla ang tawag ninyo sa bulaklak?”

**Aiyana:** "Oo, dahil ito ay matatagpuan lamang sa bundok ng Batla at ganoon ang ginawa namin dito na maipapasa sa susunod pang mga henerasyon dahil uminom ng katas ang mga ninuno namin. 'Yng nanay na sinasabi mo ay aking lola at ngayon ay papaakyat na siya ng bundok kung nasaan ang mga bulaklak upang iaalay na lamang ang buhay niya sapagkat malapit na siyang lumisan."

Dito nakakuha ng pagkakataon ang binata sa mga sinabi ni Aiyana.

**Binata:** "Teka, mukhang iba ang inyong naging paniniwala. Ang bulaklak, una dapat nasa tamang pagtitimpla upang gumamot ng sari-saring sakit. Oo, totoo na ikaw ay lulusog at tila hindi magkakasakit pa kapag uminom ka ng katas nito ngunit hindi totoo na hanggang 70 ka lamang mabubuhay, bagkus maaring humaba pa ang buhay mo!"

**Aiyana:** "Eh bakit ganoon ang nangyayare sa aming tribo? Lahat ay hindi na bumabalik na matanda pagkaakyat doon. Marahil sila ay patay na. Ngunit kami ay pinagbabawalan makaakyat doon hanggang hindi pa kami mamamatay. Iyan ang turo ng ninuno naming si Osmal noong umakyat siya sa bundok ng Batla."

Naalala ng binata ang ngalan na "Osmal" na kumitil sa buhay ng kaniyang lolo na si Dr. Samuel.

**Binata:** "Hindi totoo 'yan. Kailangan malaman ang nangyayare sa itaas. Samahan mo ako, puntahan natin ang lola mo at pigilan. Mukhang panganib ang nag-aabang sa kanya sa itaas."

Dito na kinabahan at nag-alala si Aiyana. Ibinababa na niya ang patalim na nakatutok sa binata at nagtiwala na ng lubos.

**Aiyana:** "Ngunit may mga kawal siyang kasama papaakyat, mahihirapan tayo."

**Binata:** "Magtatago tayo na susundan sila papaakyat. Mahal mo ang lola mo di ba? Kailangan mo itong gawin."

Hindi nagtagal, umayon na si Aiyana sa nais ng binata. Papalubog na ang araw nang dumating muli sa Nayon si Ursula dala-dala ang ilan pang hibla ng buhok. Idinikit niya ito sa malaking dahon mula sa pinutol na puno. Nagpaalam na si Ursula sa lahat maging kay Aiyana. Ang binata naman ay sinabihan ni Aiyana na magtago sa kakahuyan. Ramdam ang bigat ng lungkot sa papaalis na si Ursula. Dito nagsindi sila ng animnapu't siyam na sulo at sumayaw ng katutubong sayaw upang ialay sa ligtas na paglalakbay ni Ursula. Naglakad na patungo sa Bundok Batla si Ursula kasama ang dalawang kawal upang siya ay alalayan.

Tahimik naman na nakamasid mula sa malayo sina Aiyana at ang binata na sinusundan si Ursula. Naging maingat naman ang dalawa.

Makalipas ang mahigit dalawang oras na pag akyat sa bundok, ay narating na nila Ursula ang parte ng tuktok ng bundok na kung saan iniiwan ang mga “hatid” na mayroong marka. Dito nagpaalam na ang dalawang kawal na bumaba at iniwan na si Ursula. Samantala, si Ursula ay umakyat pa ng kaunti patungo sa pinakatuktok ng bundok. Maya-maya pa ay nakita niya ang isang malaking batong bahay. Ito ay madilim. Sa harapan ng batong bahay ay may mga sulong nakapalibot na pabilog at sa gitna nito ay may isang upuan na nakatapat naman sa pintuan ng bahay na bato. Naisip ni Ursula na ito na marahil ang paglilitis na gagawin sa kanya at ang paghihintay ng kanyang pagpanaw. Muli niyang tinignan ang mga bitbit na hibla ng buhok na nakadikit sa halaman ng punong kanyang pinutol. Sa likod naman ng bahay na bato, ay mapapansin ang mga bulaklak ng Batla na tila nagliliwanag kahit sa kadiliman. Namangha si Ursula sa kaniyang nasaksihan.

Umupo siya sa upuan na nasa gitna. Sa magkabilang bahagi ng upuan ay mayroong lamesa. Isa sa kanan at isa sa kaliwa na may kaniya-kaniyang isang baso. Maya-maya pa ay tumunog ng tatlong beses ang isang kampana na hindi naman niya mabanaag kung saan nangagaling. Samantala sina Aiyana at ang binata naman ay patuloy na nagmamasid sa maaring mangyari kay Ursula.

Makalipas lamang ang ilang sandali, lumabas ang isang matandang lalaki na mayroong tulak-tulak na isang upuang de gulong na nakaupo ay isa pang matandang lalaki. Nanlaki ang mga mata ni Ursula sa nasaksihan. Hindi siya maaring magkamali na ang lalaking nasa de gulong na upuan ay si Osmal at ang lalaking matanda na tumutulak dito ay isa sa kanilang mga ninuno. Dito ay dahan-dahan din lumabas ang lima pang matatandang lalaki mula sa likod ng sulo at nagpakita kay Ursula. Mapapansin na kahit sila ay matatanda na ay sadyang malalakas pa ang kanilang pangangatawan. Tumayo si Osmal. Naglakad ng bahagya papunta kay Ursula at ito ay tinanong.

**Osmal:** “Nasaan ang mga bilin ko?”

Nanginginig sa takot at puno ng pagtataka na iniabot ni Ursula ang malaking dahon na may hibla ng buhok ng mga katribo. Ito ay inusisa ni Osmal. Maya-maya ay bigla itong tumawa nang napakalakas.

**Osmal:** "Hanggan ngayon ba hindi niyo pa rin naiintindhan ang mga pangyayari? Ito lamang ay isang pagsubok sa inyong pagiging matapat sa Isla Hiwala at maging sa bulaklak ng Batla. Bakit kailangan niyong pumutol ng puno? Para lamang sa ikakapaya ng inyong mga kaluluwa sa inyong pagpanaw? Kayo ay sadyang nahihibang. Tama naman ang hibla ng buhok ay maparito, na maging kaaway niyo ay nakuhaan niyo. Isa lamang itong patunay na pagpapatawad ay inyong nagawa ngunit hindi ito sapat! Kayo pa rin ay kumitil ng buhay ng isang nilalang mula sa kalupaan ng Isla Hiwala!"

Dito ay tinutukan na ng espada si Ursula ng lima pang mga matatanda.

**Osmal:** "Hindi ka na makapagsalita? Tignan mo sila! Sila ay umakyat dito na walang pinutol na isang puno. Sila ay lumaban para sa karapatan ng buhay at maging ng Isla. Pero kayo ay makasarili! Oo, tunay ngang nakakagaling ng iba't ibang uri ng sakit ang bulaklak ng Batla ngunit ito ay hindi para gawin kang imortal at mamatay na lamang sa ika-70 na iyong kaarawan."

Inilapit ni Osmal ang mukha sa umiiyak at nanginginig na si Ursula at nagwika.

**Osmal:** "Ssshh, tumahan ka, tahan na. Ginagawa ko lamang ito para sa kapakanan ng ating isla. Alam ko noon pa ay isa kang taksil sa tribo. Hindi ba dahil sa isang dayuhang si Samuel? At ikaw ay umibig dito? Kung sa araw na iyon na pinaslang ko siya ay sana isinabay na kita!"

Narinig ito ng buo ng binata at hindi siya maaring magkamali na ang pumaslang sa kaniyang lolo na si Osmal ay kaniya na ngayong nakikita. Naghalo sa kaniyang isipan ang paghihiganti para sa nakalipas o ang nasisilayang mga bulaklak ng Batla para sa kinabukasan ng lahat. Samantala, si Aiyana naman ay puno ng kaba at takot sa nakikita.

**Osmal:** "Bilang parusa, inumin mo ang baso na nasa iyong kaliwa. Ito ang hahamon sa iyong katawang lupa patungo sa kabilang buhay. Tulad ng ininom ng ating Datu Rima, isang puro ng katas upang mapadali ang iyong hirap ngunit ito ay mas marami. Oo, nagsinungaling ako sa inyo at iba ang nakasulat sa kwaderno na pag-aaral patungkol sa bulaklak ng Batla. Kinakailangang haluan ito ng tubig upang makapagpagaling at maaring iba pa ang paghahalong gawin ng naayon sa sakit ngunit ang puro naman ay magiging isang lason. Lason para sa mga matatanda ngunit isang kalakasang dulot naman para sa mga nakakabata. Kung sana ay gumawa ka ng kabutihan at ipinaglaban sa akin ang nararapat, marahil ikaw ang kauna-unang babae na mapapabilang bilang ninuno ng Batla. Sige na Ursula, kunin na ang baso sa iyong kaliwa at ito ay inumin."

Nanginginig si Ursula na wala nang masambit. Dahan-dahan niyang iniabot at baso sa kaliwa at akma na itong iinumin nang ...

**Aiyana:** "Huwag Inang!"

Sumigaw si Aiyana. Kasabay nito napatingin ang lahat sa dako ni Aiyana at pinagbabaril naman ng binata ang mga ninunong kasama ni Osmal na sana ay akma silang aatakihin. Ngunit may kabilisan pa rin kumilos ang iilang kahit na mahusay pa ang binata sa pamamaril at matitibay ang mga ninuno na kinakailangan asintado ang pagbaril. Sigaw naman nang sigaw si Aiyana sa gilid na nakayuko dahil sa takot. Nabaril naman ng binata ang limang ninuno ngunit ang isang matandang lalaki na tumutulak kay Osmal ay naabutan siya. Itututok na sana ng binata ang baril dito nang sinagi ito ng espada at ang baril ay tumalksik malapit kay Aiyana. Ang binata naman ay naitulak at napaupo. Nang sasaksakin na ang binata ng epsada ay bigla naman binaril mula sa likod ang matandang lalaki ni Aiyana. Maging si Aiyana ay nagulat sa kaniyang nagawa at bigla niyang nabitawan ang baril. Dito nagkaroon ng pakakataon ang binata upang sipain ang papatumba nang matandang lalaki at kinuha ang espada nito sabay ang pagsaksak dito.

Sa Nayon naman, ay nagulat ang lahat maging ang dalawang kawal na pababa ng bundok sapagkat hindi normal na makarinig ng baril sa isla kaya sila naman ay dali-daling umakyat pabalik sa tuktok ng bundok.

Tumayo ang binata patungo kay Aiyana upang kunin sana ang nabitawang baril nang biglang sinaksak ito ni Osmal. Napasigaw na lamang ang binata at si Ursula sa kanilang nakita. Ganunpaman tumakbo papalapit ang binata at si Ursula patungo sa naghahabol na hininga na si Aiyana. Sila ay nakaupo ngayon sa harapan ni Osmal.

**Osmal:** "Isa kang dayuhang ligaw, dapat hindi ka na naki-alam pa dito sa aming isla. Mga mapagsamantala!"

**Binata:** "Ikaw pala si Osmal, ang isang takaw sa kapangyarihan at ang tanging pumatay sa aking lolo na si Dr. Samuel!"

Nagulat si Osmal at maging si Ursula ay napatitig sa binata. Gayun din ang pagtataka kung bakit ganoon na lamang ang pag-aalala nito sa apo niya at bakit nabanggit niya ang pangalan ng kaniyang iniibig.

**Osmal:** "Ah, kung ganoon magsama kayo ni Samuel, mga hangaaal!!!"

Akmang kikitilin na ni Osmal ang buhay ng binata habang sumisigaw nang bigla ibinuhos ni Ursula ang hawak na baso na purong katas sa bibig nito. Napahinto si Osmal

sa nangyari at nabitawan ang espada. Hinawakan ang nagkalat na katas sa kaniyang bibig. Siya ay napaluhod at napuno ng galit dahil siya ay nakalunok nito.

**Osmal:** "Ursula, pagbabayaran mo 'to. Traydor!"

**Ursula:** "Itigil mo na ito Osmal, ikaw ang traydor sa sarili mong lahi. Hindi tama ang iyong ginagawa!"

Dala na marahil ng katandaan. Si Osmal ay tuluyan nang napahiga, nanghina, at tuluyan nang binawian ng buhay. Napansin ni Ursula na natalsikan ang bibig ni Aiyana ng katas ng bulaklak kaya ito ay kaniyang pinunasan sabay ang pagyakap ng mahigpit sa pumanaw na apo habang sila ay lumuluha.

Hindi rin nagtagal at nagsidatingan na ang mga kawal at si Ursula naman ay siyang nagpaliwanag ng lahat ng nangyari. Nagpaliwanag maging ang binata sa kaniyang pakay at patungkol sa bulaklak ng Batla. Dito rin nila natagpuan ang ilang mga bangkay at mga buto na nasa ilalim ng bahay na bato. Sa unang pagkakataon ng ilang dekadang lumipas, nagkaroon ng pormal na seremonya para sa mga pumanaw at inilibing ito nang naayon sa ikakatahimik ng kaluluwa kasama si Aiyana. Ang mga ito ay inilibing sa tuktok ng bundok malapit sa mga bulaklak ng Batla.

Makalipas ang ilang araw ...

**Ursula:** "Maari bang malaman ang iyong pangalan bago mo tuluyang lisanin ang isla at dala ang mga bulaklak ng Batla?"

**Binata:** "Maliwanag na po sa akin lahat. Kayo po si Ursula at 'yung si Osmal ang tanging alam kong ngalan dito sa isla niyo sapagkat naikwento sa akin ng mga nakatrabaho ng aking lolo noon dito. Noong unang ekspedisyon nila."

Hindi maintindihan ni Ursula ang nais ipabatid ng binata.

**Binata:** "Opo, ako po si Samuel, isang doktor. Pinangalanan po ako alinsunod sa ngalan ng lolo ko na si Dr. Samuel na noon nagtungo dito sa isla at napaibig sainyo."

Dito tuluyang lumuha ang mga mata ni Ursula at napayakap sa binata.

**Samuel:** "Isa pong karangalan na kayo ay aking makilala. Marami pong salamat."

**Ursula:** "Mag-iingat ka iho. Kung nais mong bumalik dito sa Isla ay malugod ka naming tatanggapin. Sa ngayon ay ang bagong gawang bangka at mga bulaklak ng Batla lamang ang aming masusukli sa kabutihan mo."

Umalis na ang binatang si Samuel pabalik sa kabihasnan kasama ang mga bulaklak ng Batla at ang magandang balita na mag-uugnay sa solusyon ng mundo sa epidemiya.

Ang isla ngayon ay unti-unti namang binuksan na sa kabihasnan ngunit naroon pa rin ang mahigpit na pagbabantay at pangangalaga sa mga bulaklak ng Batla. Inayos din nila ang kanilang tribo at muling naghalal ng mga mamumuno dito. Si Ursula ay napabilang bilang isa sa mga punong ninuno para sa hukom. Isinigurado niya na magiging patas para sa lahat ng mga Kriban.

Makalipas ang ilang linggo, isang gabi na hindi makatulog si Ursula, siya ay lumabas ng kanilang tahanan at nagmasid sa paligid. Maya-maya pa ay may naaninag siya mula sa kalayuan na tila isang dalaga na naglalakad ng mabilis patungo sa kaniyang direksyon. Siya ay nagtaka at naghintay na makarating sa liwanag ang dalaga upang malamang kung sino ito. Hindi nagtagal, nahipan ng hangin ang mga ulap at ang sinag ng buwan ay nag-ningning. Dito niya nasilayan ang mukha ng dalaga. Ito ay si Aiyana! Tila isang bangkay na may buhay. Nakakatakot ang ityura nito na may mga itim na mata. Lalo itong nagmadali patungo sa kaniya.

Hindi naman makapaniwala si Ursula sa kaniyang nakita at ito ay hindi makagalaw. Ilang sandali pa ay ilang dipa na lamang ang bangkay ni Aiyana nang siya ay kagatin sa kanyang leeg na tila unti-unting kinakain ang laman nito. Napasigaw na lamang si Ursula at naalala sa kaniyang mga huling sandali na sa pagsaboy niya ng katas kay Osmal ay natalsikan ang nakabukas na bibig ng bangkay ni Aiyana.